# Modyul 9
# Pagsusuri ng Akda Batay sa Teoryang Humanismo at Realismo



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Kumusta ka na? Nasiyahan ka ba sa mga akdang binasa mo sa mga nakaraang aralin? Mainam kung gayon. Ngayon, dalawang akda na naman ang iyong pag-aaralan. Tiyak na magugustuhan mo ang mga ito sapagkat naghanda ako ng iba't ibang gawain at pagsasanay na hahamon sa iyong kakayahan.

Alam mo, hagdan-hagdan ang landas patungo sa kinabukasan. Walang makapagsasabi kung ano ang ating magiging kapalaran. Sa minsang magkamali ng hakbang ay simula ng walang katapusang pagkalupig. Ngunit huwag mo itong isipin. Kung madapa minsan, tumayo at muling humakbang. Huwag masiraan ng loob, huwag mawalan ng pag-asa. Patuloy na lumakad, humakbang at umasam. At tiyak darating ang panahon na mararating ang gustong puntahan at makakamit ang pinakaaasam at minimithi. Ito ang paksa ng unang akda na iyong babasahin na pinamagatang "Saan Patungo ang Langaylangayan?" na sinulat ni Buenaventura S. Medina.


Ang ikalawang akda naman ay ang ikalimang kabanata sa nobelang sinulat ni Lualhati Bautista, ang "Dekada 70". Ito ang kauna-unahang nobela sa wikang Filipino na nangahas ilarawan ang ating lipunan sa isang panahong dumanas ito ng mga pagbabagong hanggang sa kasalukuyan ay patuloy pa ring nagaganap.

Si Amanda Bartolome ang siyang nagsasalaysay sa buong nobela. Isang ina ng pamilyang nasa panggitnang uri, asawa ng inhinyero at ina ng limang anak na lalaki. Siya rin ay isang ina na makatarungan at nakauunawa. Bukas ang isip sa mga ideyang dala ng nagbabagong panahon.



## Ano ang matututunan mo?

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa mapanuring pagbasa sa iba't ibang genre ng panitikan.



## Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Patnubay mo sa sariling pagkatuto ang modyul na ito. Kaya upang maging maayos at

wasto ang iyong paggamit, kailangang sundin mo ang mga sumusunod na tagubilin.

1. Sagutin mo ang panimulang pagsusulit o iyong bahaging Ano Na Ba Ang Alam Mo?. Ito'y gabay upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.

2. Sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro, iwasto mo ang iyong sagot. Kung magkaroon ka man ng maraming mali, huwag kang mag-alala. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.

3. Basahin at unawain mong mabuti ang mga aralin.

4. Gawin at sundin mo ang mga panuto.

5. Isulat mo ang iyong sagot sa hiwalay na papel o notbuk.

6. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit o ang bahaging Gaano Ka Na Kahusay?. Pagkatapos, iwasto ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

7. Ingatan ang modyul na ito. Panatilihin mong walang punit ang bawat pahina.

8. Maging matapat ka sa pagsagot at pagwawasto ng iyong mga gawa.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Ang mga sumusunod ay ang panimulang pagsusulit na susukat sa lawak ng iyong kaalaman sa pag-aaralang akda.

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang isinasaad sa bawat pangungusap. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Nang bumaba ang <u>Serafin</u> ay tuluyan nang nawaglit para sa akin ang Paraiso. Ang tinutukoy na Serafin ay ang ____

   a. Anghel
   b. Maykapal
   c. ibon
   d. tao

2. Ang patutunguhan ko'y walang katiyakan sapagka't inilulunsad ko ngayon ang aking daong sa dagat ng <u>pakikitalad</u>. Ang ibig ipakahulugan ng may salungguhit ay ____

   a. pakikipaglaban
   b. pakikipagsapalaran

c. pakikiisa
d. pakikipagkapwa

3. Nakaramdam ako ng paglalatang ng loob. Ang damdaming napapaloob sa pahayag ay_____

   a. kaligayahan
   b. pagkagalit
   c. pag-iinit ng damdamin
   d. pagkaawa sa sarili

4. Ang nagsasalaysay sa akda ay alipin ng ____

   a. pagnanasang lumigaya
   b. pangambang di makarating sa paroroonan
   c. pagnanasang makatawid sa buhay na puno ng pakikipagsapalaran
   d. lahat ng nabanggit

5. Kung noon ay marami siyang nais marating, makamit at mithiin, ngayon ay iisa na lamang ang kanyang nais at ito'y ang ___

   a. makabalik sa Paraiso
   b. makalaya sa kaalipinan
   c. mapatawad ng Diyos
   d. makalimot sa nakalipas

6. Naging maalagang ina si Amanda ngunit mayroon siyang di nagawa para sa kanyang mga anak at ito'y ang ____

   a. pagsabihang huwag makialam sa mga isyung pampulitika
   b. ipasyal ang mga anak kung wala rin lang siyang pasok
   c. turuang gumawa sa bahay
   d. pangaralan ukol sa maagang pag-aasawa

7. Kinilabutan si Amanda nang mabasa ang polyetang " Ang Bayan" dahil sa ____

   a. ito'y pag-aari ng Communist Party of the Philippines
   b. subersibong babasahin kaya ipinagbabawal ng pamahalaan
   c. baka ito'y makita sa kanilang bahay ng mga maykapangyarihan
   d. illegal na babasahin

8. Nais bumalik ng nagsasalaysay sa pinanggalingan niyang Paraiso. Paano siya makababalik?

   a. magbalik-loob sa Diyos
   b. mamuhay nang naaayon sa kagustuhan ng Diyos sa kung saan ang sarili'y iwinangis

c. alisin sa isip at damdamin ang kamunduhan
d. lahat ng nabanggit

9. Ano na kaya ang gagawin ni Jules ngayong natuklasan niyang patay na ang kaibigan?

    a. Sasama siya sa mga makakaliwa at ipaghihiganti ang kaibigan.
    b. Sasama sa mga rally upang tahasang tuligsain ang gobyerno.
    c. Hindi na siya lalabas ng bahay dahil baka siya ang isunod na patayin.
    d. Mamumundok na siya at sasama sa mga rebelde.

10. Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong sa pagpapaunlad ng ating bayan?

    a. tatangkilikin ang sariling produkto
    b. makikiisa sa mga proyektong pangkaunlaran ng gobyerno
    c. di sasama sa mga rally sa lansangan
    d. lahat ng nabanggit

- Iwasto mo ang iyong mga sagot. Tutulungan ka ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Naging madali ba sa iyo ang pagsusulit? Huwag kang mag-alala, panimula pa lamang naman iyan. Sinusukat lamang ang taglay mong kaalaman tungkol sa paksa. Tutulungan kitang malinang ang iba't ibang kasanayang dapat mong matutunan at ang magagandang ugaling makapagpapaunlad ng iyong katauhan sa pamamagitan ng mga gawaing aking inihanda.

# *IV. Aralin 1: Saan Patungo ang Langaylangayan?*

## Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Nabibigyang-interpretasyon ang mga piling pahiwatig na ginamit sa akda

2. Naiisa-isa ang mga kaisipan/ideyang nagpapahalaga sa paglaya

3. Nasusuri ang sanaysay batay sa elemento nito at teoryang humanismo

4. Napatutunayang ang buhay ay pakikipagtunggali kaya kailangang maging matatag at matiyaga

5. Nakabubuo ng kasaysayan ng pagkakalikha ng unang tao na hango sa Bibliy

## *Mga Gawain Sa Pagkatuto*

**6. Alamin mo …**

Pansinin mo ang bawat larawan. Ano ang sinasagisag ng bawat isa ?







| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| A | O | B | P | C |
| I | Q | J | R | K |
| D | Wikang Filipino | | | E |
| L | S | M | T | N |
| F | U | G | V | H |

Ito'y mga simbolo ng pagiging malaya. May kinalaman ito sa sanaysay na iyong susuriin. Basahin at unawain mong mabuti ang nilalaman ng akda.

Handa ka na ba?

Simulan mo na ang pagbabasa.

**2. Basahin mo …**

## Saan Patungo Ang Langaylangayan?

Iisa lamang ang aking mithi. Ang makalaya sa kaalipinan. Pagkat alipin ako.

Alipin ako ng aking sariling pagnanasang guminhawa at lumigaya ngunit nababakla ang daigdig na sa wari'y lumalaki, lumalaki, at ako' naiiwang tila butil ng buhanging makapuwing ma'y

di makasugat. Alipin ako ng sariling nangangambang di makarating sa paroroonan (ngunit saan?): gangga-binlid sa sarili. Alipin ako ng aking sariling nagnanasang makatawid sa dagat ng pakikitalad na payapa kung minsan ngunit kadalasa'y maalimpuyo. Alipin ako ng sariling pagkat luwad ay makaluwad , pagkat ako'y sa tao ang puso, diwa at kaluluwa. (Ngunit hindi ba ako'y likha ng Diyos? At sa kanya iniwangis? Nasaan ang pagkawangis na iyon? Nasaan ang aking pagka-Diyos?)

Ito ang aking mithi: Paglaya.

At ako'y nagtatanong: Ano ang paglaya?

Ang paglaya'y ang pagkilala sa sariling kakayahang mabuhay sa daigdig ng kawalang-katiyakan, ang pagkaunawa sa tunay na kahulugan ng buhay (na di laging katuwaan, ngunit di rin naman laging kapighatian). Ang paglaya'y ang pagkakilala sa maraming suliranin sa buhay at ang pagkatutong malutas ang mga ito. Ang paglaya'y ang pagkaunawa sa puu-puong kahulugan ng damdamin ng tao. Ang paglaya'y ito: ang pagkaunawa sa sarili at sa daigdig. Ngunit paano ko mauunawaan ang aking sarili?

Sa salamin, ang larawan ko'y mistulang ako: naroon din ang buhok na dating malago, ngayo'y manipis, ang mukhang hawas na may guhit na ng hapis at kahapon, ang katawang dating matipuno'y mahagway ngayon. At sa kamalayan ay naghuhumiyaw na tanong: Sino ka? Nakikilala mo ba ang iyong sarili? Hindi! Oo! Nakikilala ko ang aking sarili sa kanyang hubad na larawan, ngunit di ko lubusang natatalos ang tunay na kalooban, pagkat hanggang ngayo'y gapos pa ako ng kahangalan, bigti pa rin ako ng karuwagan, alipin pa rin ako ng kasalanan. Wala sa akin ang pagkaunawa (sa aking sarili, lubha pa sa kaninuman): ako'y hindi Malaya at ngayon, akong dating maraming nais makamit, akong dating maraming nais marating, akong dating maraming mithiin sa buhay, ay may iisang pagnanais na lamang – ang makalaya sa kaalipinan.

Hinahanap ko ang kalayaan, sa kapatagan, kabundukan, sa bayan, sa ilang na pook, sa lahat ng dako ng daigdig; sa hilaga, sa kanluran, sa timog, sa silangan; nariyan sa alinman diyan ang kalayaang hinahanap ko. Alam ko: Ang kalayaan ay nasa lahat ng dako. Ito'y tila hanging malayang malalanghap (ngunit may pumipigil sa aking paglanghap): ito'y tila hanging malayang madarama (ngunit mukha ko'y namamanhid). Paano ang malayang paglanghap, ang malayang pagdama, paano?

Sa salamin ay naroon ako.

Ako'y lalaking tinukso ng pagkakasala sa pamamagitan ng nilikhang sa tadyang ko nanggaling. Bakit nangyari ito, sa akin ang buong Paraiso; walang hapis, pawang ligaya. At nang ito'y naganap, nawala ang ligaya, nahalili'y hapis. At ako'y napahiya sa sarili, unang-una. Tumingala ako. Sa kabughawan, sa bunton ng mga ulap, hinanap ko ang Maykapal, ngunit wala siya. Inulinig ko ang kanyang tinig, ngunit biningi ako ng katahimikan, Nasaan ka, Diyos ko? Bigla-biglang sinaklot ng pangamba at agam-agam ang aking katauhan. Mawawala na sa akin ang mga biyayang kaloob ng Maykapal. At nang bumaba ang Serafin, batid kong tuluyan nang nawaglit para sa akin ang Paraiso: Hindi na ako malaya: pagkat alipin na ako ng aking sariling nagkasala.

Sapul noon ay hinanap ko ang kalayaan.

Buhat sa Paraiso, ako at ang aking katambal ay may tataluntuning landas sa paghanap ng kalayaan ng dating kaginhawahan at kaligayahan, ngunit saan? Di ba tanging Paraiso lamang ang katatagpuan ng walang-katapusang ligaya? Sa kabughawan ng langit ay naroon ang nagsasalimbayang mga langaylangayan. Nakikita ko ang langkay-langkay na mga ibon sa kanilang paglipad. Ngunit saan patungo ang langaylangayan? At ako, kasama ang sa aki'y nagbuhay, katulad ng langaylangayan, ay saan patungo? Saan masusumpungan ang ligaya at ginhawa, ang kalayaang sa wari'y tuluyan nang nawaglit.

Ito ang natitiyak ko: habang may buhay, ako'y ako rin: ang tao. At saka ito: ang patutunguhan ko'y walang katiyakan, pagkat inilulunsad ko ngayon ang aking daong sa dagat ng pakikitalad; pagka't sa akin at sa kasama ko ay pinid (matutuluyan kayang pinid?) ang Paraiso.

Ang daigdig ay totoong malawak: hindi masundan ng aking paningin ang haba't luwang nito. Batid ko na kung makalalagos ang aking paningin sa tinutuntungan kong lupa'y hindi maaabot ng tingin ang lalim nito. Sinlawak ng kalupaan ang karagatan. Ang dagat ay tubig. Sinasabing ang tubig ay kristal na napananalaminan. Marahil sa pagiging kristal nito'y makikita ko ang pusod ng dagat, makikita ko ang kagandahang itinatago niyon. Subalit hindi: ang dagat ay singhiwaga ng lupa. Sumalok ka ng tubig, magagawa mo't masasalat ang kanyang kanipisan, ngunit sa kabila nito'y hindi mo makikita kung ano ang inililihim sa ilalim.

At naunawaan ko. Mahiwaga ang daigdig, at ako, kasama ang sa aki'y nagbuhat, ay maglalakbay sa dagat ng pakikitalad nang may isang mahalagang bagay na nababatid: kahiwagaan. Kaya marahil hindi ko mawari ang sarili; kaya marahil hindi ko nakilala ang tunay kong kaakuhan, pagkat nababalot ng hiwaga ng Tao.

Maganda ang sikat ng araw. Nadama namin ang init. Sumalab sa balat. Sumilong kami sa lilim ng malalabay na sanga ng unang punong aming natagpuan. Saka lamang kami nakadama ng bahagyang ginhawa. Ngunit pagod na kami. Masakit ang aming mga paa. May galos at paltos na ang aming mga talampakan. Nakadama na kami ng sakit. Wala na nga kami sa Paraiso: doon, ang nayayapaka'y alpombrang malambot, maginhawa. Wala na, wala na nga kami sa Paraiso. At ngayong tumatagal ang aming inilalagi sa labas na iyon ay nakadarama na kami ng uhaw. Nanunuyo ang aming lalamunan. Patuloy ang paggiti ng saganang pawis. At kumakalam na ang aming sikmura. Ngunit anong hiwaga! Ang punong kinatitigilan namin ay may bungang nakabitin. ("Huwag ninyong kakanin ito." Walang gayong tinig kaming narinig. Gaya noong makalimot kami.) Inabot ko yaon; ngunit mataas ang sanga, hindi kayang lundagin. Kailangan kong akyatin ang puno. Ito ang pakikitalad, ito ang pakikipamuhay, ito ang kaalipinan. Pagkat alipin na ako ng aking sarili. Ng daigdig, ng buhay. Hindi na ako malaya.

Noon nagbagu-bago ang anyo ng araw – naroong sumilip, sumikat, kumubli. At nagbagu-bago ang kulay ng langit – naroong bughaw, abuhin, itim. At noon nagbagu-bago ang hampas ng hangin – naroong mayumi, masungit, mabangis. Ang mga ito'y tanda ng kawalan ng katiyakan ng anumang bagay sa daigdig. Ito ang kahiwagaang bumabalot sa lahat ng nilikha.

Noon ko nadama ang puu-puong damdamin. Mga damdaming kay hirap unawain: ito ay kaalipinang pinagdurusahan ng sarili. Gayundin ang nadarama ng katambal ko. Sinimulan naming pagtuwangan ang pakikipagsapalaran. Gumawa kami ng aming masisilungan laban sa init at lamig, laban sa sungit ng panahon at kalikasan. Gumawa kami ng damit laban sa init at lamig, sa panahon at kalikasan. Ngunit ano itong pakikipagtunggali sa kalikasan? Di ba't sa kalikasan kami nabubuhay? (Ito, ito ang kahiwagaang bumabalot sa katotohanan --- nagbibigay-kulay, nagbibigay-ganda, nagbibigay-halaga. Pagkat hindi ba kapag may hiwagang nais liripin, kumikilos ang tao, nagpupunyagi? Ang pagsisikap na ito ang pintig ng buhay na lumilikha ng kulay, ganda, at halaga.)

Akong Tao at ang katambal na sa tadyang ko nanggaling ay magkasama habang may buhay sa daigdig. Magkasama kami sa pakikitunggali. Pagkat siya rin ang kasama ko sa Paraiso. (Noo'y pawang ligaya!) Ngayon ay hindi ko na matingnan ang katawan ng aking katambal. Hindi ko na matitigang matagal ang hubog niyon, pagkat nagdadalang-hiya ako. Ngunit may nadarama akong kakaibang damdamin, hindi yaong pag-ibig na mapagkupkop, malambing, magiliw, kundi mabangis, mapilit, maalab. Gayundin marahil ang nadarama ng aking katambal. Kasabay ng damdaming iyon ang kamalayang dadalawa lamang kami sa daigdig ("Hayo at magsupling") Kailangan namin ang kasama. Nasaan ka, manlilikha! Nasaan ka, Diyos? Narito! Narito! Nasa aking sarili: ako ang manlilikha, ngunit sa aba ko, hindi ako ang Diyos! Ito ba ang bahagi ng pagka-Diyos sa akin? Ang damdaming nadarama ko? Ito na ang pag-ibig sa kanyang lalong makabuluhang katuturan: maalab, mapilit, mabangis!

Ang ikalawang salin ay sa damdaming iyon nagbuhat. Sa ganyan ding damdamin magbubuhat ang iba pang salin. Ang lahat at lahat ay sa damdaming iyan magbubuhat. At ako, na Tao, at siya na katambal ko, ay nagsupling: supling at supling: salin at salin. Ito ang kahiwagaan ng pagkalikha ng Tao: kayraming kawangis, kahawig: kayraming kawangis ng Diyos, kayrami niyang binigyan ng bahagi ng kanyang pagka-Diyos… Hindi mapupuwing ang katotohanang itong napasaakin: ang pag-ibig ay bahagi ng Diyos na isinapi sa Tao.

Kayraming tao sa daigdig. Kayrami kong kawangis, kayrami kong larawan. Dumarami ang sakay ng daong naming nakalutang sa dagat ng pakikitalad at saka nahasik ang iba-ibang damdaming taglay ang hiwaga ng pakikipamuhay. Ang katapat ng pag-ibig ay nabigyang-titis, naging poot, at saka nag-usbong ang pakikipagkaisa o pagbukod, pakikipagtalik o pakikipag-alit. Sumibol ang pakikipag-unawaang naging pakikipagdigmaan.

Ito ang hininga ng buhay: ang pagtigil sa daigdig na ito ay isang malaking pakikihamok. Buhat sa Paraiso'y napalutang na ako, kasama ang sa aki'y nanggaling, sa dagat ng pakikitalad. Ngunit ano itong pakikipaghamok – pakikipaghamok sa sarili o sa daigdig? Ito'y pakikipaghamok sa sarili o sa daigdig. Nababatid ko, sapagkat nadarama ko rin ang iba-ibang damdaming nasaksihan kong nagpagalaw, nagpakilos sa aking mga supling sa lahat at lahat. Sa Tao.

At habang umiinog ang araw – sumisilip sumisikat, kumukubli – ay nadarama ko ang pagbabago: nasasaksihan ko, naririnig ko, nalalanghap ko. Ang mga pagbabagong lalo't lalong naglalayo sa akin sa Paraiso. Nawawala, nawawala nang tuluyan wari ang Paraiso, at ako'y tila ganap nang magiging alipin ng aking sariling nagkasala (ulit-ulit kong sinasabi: Diyos ko, Diyos ko, subalit ang taghoy ay walang tinig).

Nagbabago na rin ang tanawin . Marami ng gusaling naitayo: bato, kahoy, putik. Ang kapatagan ay pinaririkit ng mga halamang tanim ng Tao. Ang kagubatan ay unti-unting nahahawan. Subalit Diyos ko, ako man ay nagbabago; nawawala ang dating lakas – tumatakas, tumatakas. Ngunit kailangang maikulong ko ang aking kalamnan ang lakas upang tumibay ang katawan ko sa pakikitunggali sa buhay.

Maraming-marami na ang aking mga supling: marami na ang tao. Lumalawak ang sakop ng tao. Ang mga pook-pook ay sumisikip: sa malas ay lumiliit ang kalupaan ngunit kabalintunaan, lumalaki, lumalaki ang daigdig, pagkat nabibigyan niya ng lunan ang lahat. (Ito ang kahiwagaan ng daigdig: may puwang sa kanyang kaliitan ang lahat na parami nang parami: lumalaki, lumalaki ang daigdig at akong Tao ay naiiwang tila butil ng buhanging makapuwing ma'y di-makasugat: pagkat alipin. Ang tinig ko'y walang lakas pagkat wala akong laya, taghoy ko'y walang tinig.)

Sumilang ang mga bayan-bayanan. Nakalikha ang tao ng mga wika at paraan sa pagsulat, natutuhan ng mga supling ko ang makipag-unawaan sa isa't isa sa pamamagitan ng salita (sari-saring salita) at sulat (sari-saring sulat). Subalit dahil din sa pagkakaibang ito'y nag-uugat ang di-pagkakaunawaan pagkat nawawala ang tatak ng pagkakaisa. Isa pa ring kabalintunaan: bumuo ng salita upang magkaunawaan, ngunit siyang salita ring dahilan ng di-pagkakaunawaan. Bakit ganito? Pagkat sumipot ang pagkakani-kaniya, sumibol ang pagkamakasarili. Ito'y mga tanda ng pagkagapi, pagkatalo, ng sarili: napaalipin nang lubos ang tao sa sariling nagkasala. Hindi, hindi nga ako malaya!

Nagkaroon ng sariling ari-arian ang tao. May mga kasangkapang tanging kanila, walang makagagalaw. Gaya rin ng karapatang kumilos, lumakad, manahanan, mabuhay na hindi dapat sansalain. Ito'y ipagtanggol hanggang sa magtigis ng dugo at kumitil ng buhay! May mga kagamitang kanya: iilang malapit sa puso lamang ang makagagalaw. Dito nagbinhi ang inggit at pag-iimbot, pagkat may mga taong nagnanais magkamit ng ari ng iba. Kung may mga supling akong mapanarili, mayroon pa ring naging mapagkamkam.

At sa salamin ay minasdan ko ang aking larawan, pagkalipas ng maraming-maraming taon. Nahahapis ako, may pilak na ang aking buhok.

Patuloy ang buhay: pumipintig, kumikilos, humahalakhak sa lahat ng dako ng daigidig. Lumalakad sa lupa, napatitianod sa tubig, lumilipad sa himpapawid, iyan ang buhay. Patuloy rin ang Tao sa kanyang pakikipaghamok sa sarili at sa daigdig. At ako'y patuloy sa paghanap ng tunay na paglaya sa kaalipinan sa sarili.

Nalikha ang maraming bagay na panghalip sa ibang niyari ng Maykapal. Nakagawa ang Tao ng maraming bagay na pamuno sa mga bagay na wari'y nakaligtaang ipagkaloob ng kalikasan. Sino ang may-ari nito? Tutugon ako, na Taong mapanarili: Ako.

Subalit ako'y hindi lamang nag-iisa. Marami ako: libu-libong ako, laksa-laksang ako. At naroroon sa lahat ng dako. Iba-iba ang aking anyo, ugali, wika, iba-iba ang aking larawan. Subalit sa tanaw ng Diyos na lumikha sa akin ay iisang lahat ng ito. Ang Tao'y iisa, iisang kalahatang may iba-ibang tibok at pintig.

Nais lupigin ng Taong nakikipaghamok sa sarili ang buong daigdig, ang buong sansinukob, ang kalawakan ay nais masakop, nais maangkin. Ngayon ay nalikha ang isang kababalaghan. Lumilitaw ang pagkamanlilikha ng Tao, lumilitaw ang kanyang pagka-Diyos- Ito na kaya? Ito na kaya ang kalayaang laon nang hinahanap ng Tao? Ngunit hindi, hindi, hindi pa ito ang kalayaang pagkakilala sa sarili at pagkaunawan sa kahulugan ng buhay. Hindi pa nga ito pagkat hindi pa nakikilala ng tao ang kanyang sarili, hindi pa niya nauunawaan ang tunay na kahulugan ng buhay. Bakit?

Tanawin ninyo ako at ang aking paligid. Sa bawat salin, sa mga taon – sa lumipas at sa kasalukuyan. Di ba ninyo naririnig ang maraming taghoy at daing at sigaw? Ang kalikasan ay hindi pa nakasisiya sa akin at sa aking mga supling. Sa Tao ay hindi sapat ang bagay na nasasalat at nadarama at nalalanghap na handog ng kalikasan. Nais ko, nais namin, ay ganap na kasiyahan. Ngunit paano ito matutuklasan? Ito'y bahagi lamang nang malaon ng paghanap ng kalayaan. Ang paglaya'y ugat ng lahat ng kasiyahan! Kaya naman dumadanak ang dugo, nakikitil ang maraming buhay. Napakaikli ng panahong ititigil ng tao sa ibabaw ng lupa sa paghahanap ng kanyang ikaliligaya.

At habang ang lahat ng nagaganap, nalalayo ako, na Tao sa aking paroroonan, sa pagbabalik doon sa Paraiso na ang pinto'y pinid (matutuluyan kaya?) At saan ako patungo? Nais kong matagpuang muli ang landas na patungo sa masaya kong pinagbuhatan! Nais ko'y kaligtasan sa aking sariling mapag-imbot, sakim, mapagkamkam! Nawala na sa akin ang katiwasayan at kasiyahang-loob. Kung saan ko sila matatagpuan, hindi ko batid. Subalit ako'y likha ng Maykapal na iniwangis sa kanya; sa kanya ako iniwangis, may pagka-Diyos ako, may pagka-Manlilikha! Nasaan ang pagkawangis na iyon?

Ito ang hanap ko. Ang paglaya sa kaalipinan ng Tao sa kanyang sarili, ang paglaya sa sariling pagkat luwad ay makaluwad, pagkat Tao'y sa Tao ang puso, diwa at kaluluwa. Nababatid ko na: ang sarili kong makatao'y nakalimot sa kanyang bahaging maka-Diyos. Ako'y nakalimot. Ito ang pagkalimot ko libu-libong taon na ang nakalipas sapul pa noong tuksuhin ako ng pagkakasala sa pamamagitan ng katambal kong sa aking tadyang naggaling. Pagkalimot! Ito ang kasalanang aking pinagdurusahan. Kailangan ko'y paglaya, kailangan ko'y makabalik sa aking masayang pinagmulan. Kailangan ko'y mapakilos ang aking sariling daigdig sa kaukulang makasalanan! At ngayon ay nabuo ang isang katotohanan, ang tanging katotohanang makahulugan: ang paglaya'y pag-ahon sa sariling makaluwad, paggapi sa sariling makamundo. Ang paglaya'y pagkakilala sa sariling iniwangis sa Maykapal, iniwangis sa Maykapal, iniwangis sa kanyang kaganapan. (Ito, ito nga ang paglaya at saka ko lamang naunawaan ang sarili at ang daigdig.)

Hinahanap ko ang sariling yaong magbabalik sa akin sa Paraiso. Sa langit ay namataan ko ang langkay-langkay na isang malaking kawang may pakpak-mabibilis, malalakas, ang kanilang pagkampay. Subalit saan sila patungo? Di ko alam, aywan kung saan. Gayundin ako: aywan, kung saan, ako'y isa ring langaylangayang napalalaot sa kawalang-katiyakan (ngunit ang aking mga bagwis, mahina, mahina!) Subalit mayroon na akong nalalaman ang kahulugan ng Paglaya. Paglaya ang aking tunguhin. Ito lamang. Paglaya.


- Nauunawaan mo ba ang iyong binasa? Naramdaman mo ba ang mga emosyonng naghahari sa nagsasalaysay sa akda?

Kung nauunawaan mong mabuti ang sanaysay, masasagutan mo ang mga gawaing inihanda ko para sa iyo. Huwag kang mag-alala, madali lamang ang mga ito. Unawain mong mabuti ang mga panuto.

Sa ibaba ay nakatala ang ilang piling salita at pahiwatig na ginamit sa akda. Tulong ito sa ganap mong pag-unawa sa iyong binasa.

**3. Linangin mo…**

a. Pagsusuring Panlinggwistika
Anong mga salita ang maiuugnay mo sa salitang kalayaan?




Panuto: Hanapin sa Hanay B ang kahulugan ng mga salita at pahiwatig na nasa Hanay A. Isulat ang titik lamang.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. may pilak na ang buhok | a. itinulad/inihawig |
| 2. nababakla ang daigdig | b. puno ng pakikipagsapalaran |
| 3. dagat ng pakikitalad | c. nagugutom |
| 4. sariling mapag-imbot | d. nagbabago |
| 5. iniwangis sa Maykapal | e. mapaghangad ng di kanya |
| 6. kumakalam ang sikmura | f. matanda na |

- Iwasto mo ang iyong sagot. Tutulungan ka ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

b. **Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Lapatan ng pansariling interpretasyon ang mga sumusunod batay sa ipinahihiwatig ng kaisipang nakapaloob dito. Pagkatapos, piliin mo ang titik ng kahong angkop sa interpretasyon na nasa ibaba.

1. Mahiwaga ang daigdig.
2. Pagkat sa tao'y sa tao ang puso, diwa at kaluluwa.
3. Alipin na ako ng aking sariling nagkasala.
4. Ang pag-ibig ay bahagi ng Diyos na isinapi sa Tao.
5. Ako'y likha ng Maykapal na iniwangis sa Kanya; May pagka-Diyos ako, may pagka-Manlilikha!
6. Ako'y isa ring langaylangayang napalaot sa kawalang-katiyakan.

A. Ang Diyos ay pag-ibig at ito'y ibinigay ng Diyos sa tao upang maghari ang pag-ibig sa puso ng bawat isa.

B. Maraming pagbabago ang naganap sa daigdig. Nasaksihan at nadama ito ng nagsasalaysay na naging dahilan upang lalong malayo ito sa Paraiso at ganap na madama ang pagkaalipin sa sariling nagkasala.

C. Ang tao ay may sariling pagkatao, na nag-udyok sa kanya upang makalimot at magkasala.

D. Dumarami ang tao. Lumalawak ang sakop ng tao. Ang pook-pook ay sumisikip. Lumiliit ang kalupaan. Ngunit lumalaki ang daigdig sapagkat nabibigyan ng lunan ang lahat.

E. Ang tao'y nilikha ng Diyos na hawig sa Kanya. Ngunit kailangan ng tao ng kasama kaya lumikha ang tao ng kanyang kasama . Bukod dito nagnais ang tao na masakop at maangkin

F. Ang nagsasalaysay ay tulad ng pangkat ng mga ibong lumilipad na walang tiyak na pupuntahan.

### c. Pagsusuring Pampanitikan

Panuto: Basahin at pag-aralan mo ang nasa loob ng kahon bago isagawa ang gawain sa bahaging ito. Makatutulong ito nang malaki sa iyong pang-unawa

Alam mo, ang sanaysay ay isang maikling komposisyong pampanitikan na nagpapahayag ng sariling idea ng manunulat sa isang partikular na paksa.

Dalawa ang uri ng sanaysay:

1. Formal na Sanaysay – Seryoso ang tono nito, organisado ang istruktura at malaman sa kaalaman o karunungan. Ito'y karaniwang ginagamit sa pag-uulat ng mga mag-aaral o ng mga paksang nasulat pagkatapos ng pananaliksik at pag-aaral. Layunin nitong makapaglahad, makapaglarawan o makapagpaliwanag tungkol sa paksang tinalakay.
2. Informal na Sanaysay – Ito'y may tonong nakikipag-usap, di organisado ang istruktura at pangkaraniwan ang paksa. Madalas gamitin ito sa mga magasin at pahayagan.

Ang sanaysay ay may ilang mahahalagang elemento:

1. Kaisipan – Ang sanaysay ay nakapokus sa isang pangkalahatang kaisipan o tesis. Ang tesis ay nahahati sa mga pantulong na kaisipan na nililinang sa mga talata ng sanaysay. Ang mga pantulong na kaisipan ay nililinang ng mga detalye o impormasyon.
2. Layon – Dahilan ng pagsulat. Maaaring magpaliwanag, magkondena sa isang di makatwirang patakaran, magsalaysay ng isang pangyayari, maglarawan at sumuporta sa isang posisyon.
3. Istruktura – Tatlo ang bahagi ng isang mabisang sanaysay. May kaakit-akit na pambungad o panimulang pangungusap at ang tesis o pangunahing kaisipan ng sanaysay. Ang gitna o katawan ng sanaysay na binubuo ng mga detalyeng lumilinang sa pangunahing kaisipan. At wakas na karaniwang kongklusyon ng may-akda.
4. Katangian – Ang isang epektibong sanaysay ay dapat may kaisahan at pagkakaugnay-ugnay. Nakatuon lamang ito sa iisang paksa at lohikal ang pagkakasunod-sunod ng mga talata at pangungusap.

- Ngayong nabatid mo na ang ilang impormasyon tungkol sa sanaysay, handa ka na bang sagutin ang sumusunod na gawain. Isaalang-alang mo ang iyong natutunan. Masasagot mo iyan. Simulan mo na.

a. Panuto: Suriin ang iba't ibang elemento ng sanaysay. Sagutin ang mga sumusunod. Hanapin ang sagot sa mga kahon na nasa ibaba. Titik lamang ang isulat.

1. Tungkol saan ang sanaysay?
2. Ano ang sinasabi ng nagsasalaysay?
3. Anong uri ito ng sanaysay?
4. Anong kaisipan ang nililinang ng buong sanaysay?
5. Ano ang layunin ng may-akda sa pagsulat ng sanaysay?

| | | |
|---|---|---|
| A. Formal | B. Ipaliwanag sa mga mambabasa na ang buhay ay mahiwaga at puno ng pakikipagtunggali kaya, kailangang matutong makipagtunggali sa sarili at sa daigdig at maging matatag. | C. Ang tao mismo ang magpapalaya sa kanyang sarili sa kaalipinan. |
| D. Tungkol ito sa paghahangad ng nagsasalaysay na makalaya sa kaalipinan sa kanyang sarili. | E. Informal | F. Iisa lamang ang kanyang nais at ito'y ang makalaya sa kaalipinan sa sarili. |

- Bago mo isagawa ang susunod na gawain, alamin mo muna ang isinasaad ng nasa loob ng kahon.

**Humanismo**

Sa pananaw na ito ang uniberso ay nakasentro sa tao sa halip na sa Diyos. Sa pilosopiya, ito ang atityud na nagbibigay-diin sa dignidad at kahalagahan ng isang indibidwal. Isang basikong saligan ng humanismo ang paniniwalang ang mga tao ay mga nilikhang rasyonal na taglay sa kanilang sarili ang kapasidad para sa katotohanan at kabutihan. Binibigyang halaga rito ang ang makataong saloobin na nag-aangat sa ispiritu ng tao tungo sa lubos na kaunlaran at kaganapan sa pamamagitan ng pagtataguyod ng isang lipunang malaya at makatao.

- Naliwanagan ka na ba? Makatutulong ang iyong nabasa sa pagsagot mo sa mga sumusunod na tanong.

b. Basahin at sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Inilalarawan ba ng akda ang nagsasalita bilang isang rasyonal na may kapasidad para sa katotohanan at kabutihan? Ipaliwanag.

2. Saan iniaasa ng nagsasalita ang kanyang paglaya sa pagkaalipin – sa sarili o sa Diyos? Patunayan.

3. Inilalarawan ba ng akda ang tao bilang may malayang pagpapasiya? Ipaliwanag.

d. Halagang Pangkatauhan

1. Ano ang maaari mong gawin mula ngayon upang makamtan mo ang tunay na kalayaan?

2. Dapat ba tayong tumulad sa langaylangayan na hindi alam ang patutunguhan? Bakit?

- Nasagot mo ba ang lahat ng gawain? Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

**4. Palalimin mo …**

Basahin at unawain ang sitwasyon. Pagkatapos ay sagutin ang tanong.

Dalawang taon na kayo ng iyong kasintahan. Isang araw ay may nakilala kang isang lalaki. Sa unang pagkikita pa lamang ay nakadama ka na ng pagkagusto rito. Masyadong agresibo ang lalaki. Nagtapat siya sa iyo, sinagot mo naman at nakalimot kayo. Hiyang-hiya ka sa iyong kasintahan. Wala kang mukhang ihaharap sa kanya. Mahal mo pa rin siya. Ano ngayon ang iyong gagawin?

-Tingnan mo kung tama ang iyong sagot. Nasa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung malapit ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto, ito'y katanggap-tanggap.

**5. Gamitin mo…**

Tingnan ko kung papaano mo mailalapat sa iyong sarili ang mahahalagang bagay na natutunan mo sa araling ito. May mga pahayag sa ibaba na maaari mong maging panuntunan o gabay sa buhay.

Panuto: Isulat ang **K** kung katanggap-tanggap at **DK** kung di katanggap-tanggap ang pahayag.

_____1. Natatakot ako na baka di ko makamit ang mga mithiin ko sa buhay.

_____2. Ang suliranin ay nakapagpapatalas ng isipan.

_____3. Ako'y nagkasala at di ako mapatatawad ng Panginoon.

_____4. Ako'y katulad ng langaylangayan na patuloy sa paglipad at walang tiyak na patutunguhan.

_____5. Habang may buhay, may pag-asa.

_____6. Ang pagsisikap ang pintig ng buhay na lumilikha ng kulay, ganda at halaga.

_____7. Ang pag-ibig ay bahagi ng Diyos na isinapi sa Tao.

_____8. Kailangang maikulong ko sa aking kalamnan ang lakas upang tumibay ang katawan ko sa pakikipagtunggali sa buhay.

_____9. Nagkaroon ng sariling ari-arian ang tao. Mga kasangkapang tanging kanila at magdadaan sa ibabaw ng kanyang bangkay ang gagalaw nito.

____10. Ang paglaya'y pag-ahon sa sariling makaluwad, paggapi sa sariling makamundo.

- Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

**6. Sulatin mo …**

Panuto: Punan ng nawawalang salita ang bawat patlang. Piliin ang sagot sa mga salita na nasa kahon sa ibaba.

Ang Diyos ay makapangyarihan, isa rin siyang manlilikha.

Nilikha ng Diyos ang ____1____ mula sa ___2____, hiningahan sa ilong at nagkaroon ng ___3____.

Naglagay si Yahweh ng isang halamanan sa ___4___sa dakong silangan at doon dinala ang taong nilalang.

Inilagay ni Yahweh ang tao sa ___5___ ng Eden upang ito'y ___6___ at pagyamanin. Sinabi niya sa tao, "Makakain mo ang alinmang ___7___ sa halamanan maliban sa bunga ng ___8___ na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa ___9___ at masama. Huwag na huwag mong kakainin ang bungang iyon, ___10___ ka kapag kumain ka niyan.

Upang may makasama ang tao, lumikha si Yahweh ng mga hayop sa parang at ___11___ sa himpapawid. Ngunit wala isa man sa mga ito ang angkop na kasama at katulong niya.

Kaya't pinatulog ni Yahweh ang tao. Samantalang nahihimbing, kinuha niya ang isang ___12___ nito, pinaghilom ang laman sa tapat niyon. Ang tadyang na iyo'y ginawa niyang isang ___13___ at inilapit sa lalaki: sinabi ng lalaki,

"Sa wakas, narito ang isang tulad ko. Laman ng aking ___14___, ___15___ng aking buto.


| | | | |
|---|---|---|---|
| babae | laman | punongkahoy | mabuti |
| lalaki | halamanan | tao | alabok |
| tadyang | pangalagaan | buhay | Eden |
| bungangkahoy | mamatay | ibon | |

- Iwasto mo ang sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Marami ka bang tamang sasot? Mabuti! Nangangahulugan lamang na batid mo ang Kasaysayan ng Pagkakalikha ng Unang Tao ayon sa Bibiliya , sa Genesis 2:7-23.

**7. Lagumin mo…**

Lagumin mo ang mga kaisipang nakapaloob sa sanaysay.



- Kumusta? Natukoy mo ba ang hinihingi sa bawat kahon? Tingnan mo ang sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong tugon ay malapit sa tamang sagot, katanggap-tanggap na ito.

**8. Subukin mo …**

Subukin natin kung hanggang saan sa kabuuan ang iyong natutunan. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit. Titik lamang ang iyong isulat.

1. Alipin ako ng sariling nangangambang di makarating sa paroroonan. Ang may salungguhit ay nangangahulugang ____

   a. natutuwa　　c. nag-aalanganin
   b. natatakot　　d. nalulungkot

2. Saan masusumpungan ang ligaya at ginhawa? Ang kahulugan ng masusumpungan ay ____

   a. matatagpuan　　c. mahuhuli
   b. makukuha　　d. mahihintay

3. Naghahapis ako, may pilak na ang aking buhok. Ang ibig sabihin ng salitang may salungguhit ay ____

   a. nangangalumata　　c. nagdadalamhati
   b. nangangayayat　　d. sobrang nalulungkot

4. Sino ang sinasabing katambal na galing sa tadyang ng nagsasalaysay?

   a. Lalaki　b.Babae　c. Diyos　d. Yahweh

5. Paano nawala ang kalayaan ng tao?

   a. nang nakalimot at nagkasala
   b. nang naging suwail sa Diyos
   c. nang tumakas sa Paraiso
   d. nang sumama sa mga langaylangayan

6. Saan matatagpuan ng nagsasalaysay ang kalayaan?

   a. Karagatan　　c. Paraiso
   b. Langit　　d. sa lahat ng dako

7. Anong uri ng sanaysay ang iyong binasa?

    a. Formal
    b. Informal

8. Bakit inihambing ng nagsasalita ang kanyang sarili sa langaylangayan?

    a. Siya'y tulad ng mga ibon na lipad nang lipad ngunit di alam kung saan pupunta.
    b. Siya'y tulad ng mga ibon na lumilipad sa kalawakan nang malaya.
    c. Siya'y tulad ng mga ibon na pangkat- pangkat kung lumipad.
    d. Lahat ng nabanggit

9. Anong mahalagang kaisipan tungkol sa tunay na kalayaan ang iyong natutunan sa akda?

    a. Ang kalayaan ay ang pagkakamit ng kaligayahan at kaginhawan.
    b. Ang tao ang siyang magpapalaya sa kanyang sarili sa kaalipinan.
    c. Ang kalayaan ay matatagpuan lamang sa Paraiso.
    d. Huwag tumigil sa paghahangad ng kalayaan.

10. Alin ang makatutulong sa iyo upang makamit ang tunay na kaligayahan?

    a. malinis na puso
    b. maraming kaibigan
    c. pamilya
    d. magandang kapaligiran

- Nakaragdag pa ba sa iyong pag-unlad ang pagsusulit na ito?

Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong iskor ay 7 pataas, pumunta ka na sa susunod na aralin. Kung ang nakuha mong iskor ay 6 pababa, gawin mo ang susunod na pagsasanay.

**9. Paunlarin mo …**

Dugtungan ang mga sumusunod na pahayag.

| | |
|---|---|
| May taong | |
| Nagnanasa / Nangangarap | |
| Ngunit<br>Kaya | |

- Nakaragdag ba sa iyong pagkaunawa ang gawaing ito? Tingnan mo sa susi sa pagwawasto ang iyong mga isinulat sa bawat hanay: Kung ang iyong tugon ay malapit sa tamang sagot, katanggap-tanggap ito.

Nawa'y naging produktibo ka sa pag-aaral ng araling ito.

# V. ARALIN 2: DEKADA '70

## Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang sumusunod na mga kasanayan:

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga pahiwatig na ginamit sa akda
2. Natutukoy ang uri ng tauhang ibig palitawin ng may-akda bilang isang indibidwal
3. a. Nahihinuha ang maaaring maging wakas ng akda

   b .Napipili ang mga bahaging nagpapakita ng mga makatotohanang paglalarawan sa tao, lipunan, at kapaligiran
4. Naiisa-isa ang bahaging ginagampanan ng ina sa pagpapalaki ng anak at mga paraan ng pagpapahalaga ng anak sa mga magulang
5. Nakasusulat ng maikling talatang naglalarawan sa isang huwarang ina

## Mga Gawain sa Pagkatuto

1. **Alamin mo**…

   Pagmasdan mo ang larawan. Ano ang ipinahihiwatig nito?



Tama ka. Ipinakikita sa larawan ang pagrarally laban sa pamahalaan. Ang larawan ay kuha noong taong 1970 at ito'y may kinalaman sa akdang iyong susuriin. Basahin at unawain mong mabuti ang nilalaman nito.

O sige, basahin mo na.

**2. Basahin mo …**

***Dekada '70***

Ikalimang Kabanata

Nakalubog ako sa mga kaabalahang napasukan ko ng Disyembreng 'yon kaugnay ng nakatakdang kasal nina Gani't Evelyn, pag-alis ni Em, at paskong hindi ko na maantala ang pagdating. Kasabay nito'y nagtatangka akong mag-make up kay Gani sa pamomroblema niya kay Evelyn at mag-make up kay Evelyn sa pamomroblema niya kay Gani. Baya'n mo na nga muna ang ibang anak ko., wala naman akong aalalahanin sa kanila. Liban sa nawiwiling umalis si Jason dala ang kanyang bike, wala akong problema sa trese anyos kong ito. Nagkakaro'n nga ng mga aksidente sa bisikleta pero hindi sa subdibisyon namin. Safe sa subdibisyon namin.

At si Bingo? Ayun, do'n na naman siya sa nagsasaranggola sa bubong nina Lola Asyang. 'Yan naman ang masama sa isang 'to, napakahirap pagsabihan! Kabilin-bilinan kong iwasan ang bubong ng may bubong!…

"Bingo!"

"Andiyan na, Mommy!"

Hinatak ni Bingo pababa ang tali ng saranggola niya. Sinundan ko ng tingin ang sinulid papunta sa kakabit na saranggola: hindi 'yon makulay na triyanggulong papel na idinikit sa kawayan at may buntot pa mandin kundi isang kuwadradong pahina ng tela at diyaryo lang na itinupi sa magkabilang gilid. Kawawa naman ang anak ko, ta-tsati-tsati lang ang saranggola pagpunta ko sa supermart. O, dapat siguro, obligahin ko si Jules na igawa siya ng guryon.

Dati naman na matiyaga si Jules kay Bingo. Pero lately yata ay lagi siyang may lakad. Pag nasa bahay naman ay nakakulong sa kuwarto. Lagi niyang sinasabi pag sinusundan siya ni Bingo: teka. Mamaya na. Marami 'kong assignment.

Baka naman sumusobra na'ng mga aralin ni Jules, a! Kung ba't naman kasi sinabi nang h'wag mag-full load….

Gumewang-gewang ang saranggola ni Bingo, nawalan ng panimbang, at bumulusok sa harap ko. Sumabit 'yon sa bakod ni Lola Asyang. Tinakbo ko 'yon, sinambilat para pawalan, di sinasadyang nasabayan ng hatak ni Bingo, at napilas 'yon at naiwan sa kamay ko. Nabilad sa mata ko ang pangmukhang mga salita sa manipis na puting papel, isang inimprentang balita pala ng leaflet na may titulong "Ang Bayan!"

Ang Bayan..Hindi na 'ko tanga ngayon. Alam kong official paper 'yon ng Communist Party. Tama ako, aya't nakasulat, o: Official paper of the Communist Party of the Philippines. Kinilabutan ako. Kanino 'to? Sa'n nakuha ni Bingo?

Nakababa na si Bingo mula sa bubong ni Lola Asyang.

"Tapon mo na, Mom! Hiyaw niya. "Sira na 'yan!" dala ang sinulid na pauwi na siya.

"Bingo!"

Huminto si Bingo. Takbo ko halos palapit.

"San mo nakuha 'to? Kanino 'to?"

Nagtaka siya. "Bakit?"

"Basta! Sa'n mo nakuha 'to?"

"Sa 'tin"

"Sa'ng lugar sa 'tin?"

"Sa kuwarto ni Kuya Jules!"

Pero kanina ko pa naman talaga alam, na walang panggagalingan ang babasahing 'to kundi si Jules lang!

Nakaramdam ako ng paglalatang ng loob, ng matindi pero kauna-unawang pagkagalit ng isang ina.

NGAYO'Y kaharap ko na, eto lang sa ibabaw ng mesang sulatan ni Jules, ang mga karugtong ng papel na hawak ko. Page 2, sabi sa ulunan ng anim na pahinang papel na pinagkabit lang ng staple wire.

Binuklat ko ang mga kasamahan pa ng babasahin sa mesa ni Jules. Liberation, isa pa ring newsletter. Photo copy ng ilang pahina ng Southeast Asia Cronicle. Kinopyang pahina ng Newsweek. Pawang may laman na titulo pa lang ay halata mo nang tumutuligsa sa batas-militar, pumupuna sa ilang personahe ng Gobyernong Pilipino, o tumatalakay sa pagkatatag ng tinatawag nilang National Democratic Movement.

Ano'ng ibig sabihin, may mga kopya nito sa pag-iingat ni Jules? Come on, Amanda; sabi ko sa sarili. Walang masama diyan, Kung Newsweek ay t'yak na babasahing nagkalat lang sa downtown. Kung Southeast Asia Chronicle ay paniguradong nakapasok lang dito dahil may permiso ng gobyerno.

Pero, Ang Bayan? Hindi yata ako naniniwalang legal 'to.

Malay mo, baka naman pinapayagan na rin 'to ng gobyerno para pasinungalingan ang bintang na wala na tayong press freedom.

H'wag kang tanga. Alam mong hindi basta magkakaroon niyan si Jules!

Kinakabahan talaga 'ko. Baka may iba na namang ginagawa si Jules.

Kakausapin ko siya.

Pero makikinig ba naman sa 'kin 'yon?

Dapat, 'yong ama niya'ng kumausap sa kanya.

Pero hindi mahilig si Julian sa mga usapang pampulitika. Kung engineering pa sana 'yon!

Kahit na. Basta, kailangang kausapin niya si Jules!

Pero sabi lang ni Julian, "Loko talaga 'yang anak mong 'yan, e."

"Yan lang 'bang sasabihin mo, loko 'yong anak ko?"

Huminga nang malalaim si Julian. "Nagbabasa lang naman ang anak mo, ano'ng masama ro'n? Estudyante 'yong bata, gustong matuto. Pero so far, nananahimik na'ng mga estudyante, di ba? Wala nang mga rally-rally. Pagsasabihan ko'ng anak mo pag may dapat na ko'ng sabihin!"

"Julian…!"

"Amanda, if you don't mind…I've got work to do! Meaning , tapos na'ng usapan namin.

Pero di pa rin ako mapakali. At ipinasiya kong kahit ako, kakausapin ko si Jules.

Pero kailangan, alam ko'ng sasabihin ko sa kanya. Kailangan, matiyak ko una na subersibo nga ang mga babasahing 'to.

Kailangan, basahin ko muna ‘to.

“Hindi ang mga miymebro ng oil producing and exporting countries ang nagtatakda ng sobrang pagtaas ng presyo ng langis kundi ang mga oil companies na karamihan’y pag-aari ng Amerika.”

Nangunot ang noo ko. Teka, ano ang subersibo rito?

“Kung ang isang bariles ng langis ay halagang sampung dolyar bago nag-1973, ang $1 ay napupunta sa bansang nagluluwas ng langis samantalang ang $9 ay pinaghahatian ng mga kompanya ng langis at gobyerno ng kanya-kanyang bansa.

Hindi ko na pinag-iisipan kung ano ang subersibo rito. Ang pinag-iisipan ko na’y kung gano’n nga ba ‘yon.

Titulo: “Nalulugi Nga Ba ang mga Kompanya ng Langis?”

*Nangunguna ang Exxon sa mga industrial empires sa Estados Unidos.

*Ang Exxon, Gulf Oil at Mobil ay lagi nang nasa top 10 earners ayon sa Fortune Magazine, simula pa no’ng 1955.

*Nangunguna ang mga kompanya ng langis sa top 500 companies sa Estados Unidos. Listahan ng tubo ng mga kompanya ng langis na pag-aari ng Amerika, umaabot sa isang bilyong dolyar isang taon?

Ang tala sa ibaba ay ilan lang sa listahan ng mga empresang may dayuhang kapital (mula sa iba nang newsletter);

San Miguel Corp – Major Investors: Soriano, USA
Pepsi-Cola – Pepsi-Cola International, USA
Carnation,Phil – Carnation, USA
Kraft Foods, Inc. – Kraft, USA
Purefoods Corp – Hormel International, USA
Ilang lang ‘yon. May kasunod pa ‘yon.

Sila ang tinatawag na mga multinational companies sa Pilipinas.

“Nagpapasok sila rito ng maliit na kapital at nangungutang ng bilyon-bilyong piso sa mga banko sa Pilipinas para makapagtayo ng negosyo rito. Dito rin nila ibenenta ang kanilang produkto pero ang daan-daang milyong piso na tinutubo ng kanilang mga kompanya ay inuuwi nila pagkatapos sa kanilang mga bansa.

Nag-isip ako. Hindi yata tama ‘yon, ano?

Uutangin nila ang pera natin, pagtutubuan sa atin, saka ilalabas ng bansa natin. Maghihirap nga tayo pag  ganito nang ganito.

O baka ito na mismo ang sinasabi ng mga aktibista na paghahakot ng Amerika sa kabuhayang-bansa ng Pilipinas?

Walang subersibo dito. Bakit magiging subersibo ang katotohanan?

Anu't anuman, ang ibang artikulo ay kinabasahan ko na ng mga salitang one-man rule, puppetry, at dictatorship. ng NPA at rebolusyon. Sa ilalim ng batas-militar, huhulihin ka na niyan.

Gabi na'y naro'n pa rin ako sa sala at naghihintay sa pagdating ni Jules, sa lugar na bahagya nang maabot ng ilaw sa komedor na siya kong iniwang bukas. Hindi sa ano pa mang pandramatikong epekto kaya pinatay ko ang ilaw sa sala. Nasisilaw lang ako sa pagkakahiga.

"Ba't diyan ka nakahiga?" usisa sa 'kin ni Julian nang madaanan niya 'ko.

"Hinihintay ko si Jules."

"Darating din 'yon."

"Kakausapin ko 'yon."

Nagkibit lang siya ng balikat at pumasok na sa kuwarto.

Narinig ko ang maingat na pagbukas ng pinto kasunod ng klik ng susian.
"Ikaw na ba 'yan, Jules?"

Hintakot ang sagot. "Bingo, Mom."

Napabalikwas ako. "Bingo, ano pang ginagawa mo sa labas?"

"Narito na po ako sa loob."

"Akyat na, sulong! At may dala ka pa manding susi!"

Dali-daling umakyat na nga si Bingo.

Pumalo ang pendulum ng relo. Labing-isang ulit. Alas-onse na. Sus, mam'ya lang curfew na. Baka naman itong si Jules e hindi na naman umuwi!

Ilang ulit na niyang ginagawa 'yong hindi pag-uwi. Tatawag na lang siya sa telepono. "Mom, aabutan na ko ng curfew. Dito na 'ko matutulog kina Danny." O Luis. Minsa'y Tasyo.

Hindi ko nga pala naitatanong kung sinu-sino ang mga 'yon. Bigla'y naisip ko kasunod nito: Oo nga pala, ba't ni minsa'y wala siyang sinabi na do'n naman siya matutulog kina Willy? 'Yon ang dating best friend niya, a! Nagkadip'rensiyahan kaya sila ni Willy?

Klik ng susian. Bumukas na naman ang pinto.

“Jules?”

Sagot: “Mom?”

Nakahinga ‘ko nang maluwag. “Ginagabi ka.”

Wala nang sagot. Ni hindi niya binuksan ang ilaw. Nagtaka ‘ko na hindi man lang siya nagbukas ng ilaw. Dumiretso siya sa silid. Nakapasok na siya sa silid bago man lang nakapagtanong kung kumain na siya.

Nagtaka ‘ko na hindi man lang niya ‘ko binati nang higit pa sa “mom”.

Sinundan ko si Jules. Hindi naman, hindi ko naman uumpisahan agad ang pagkausap sa kanya. Itatanong ko lang kung kumain na siya. Ipaghahain ko siya, uupo ako sa harap niya habang kumakain siya. Kakausapin ko muna siya tungkol sa ibang mga bagay.

Kinatok ko ang pinto niyang nakalapat na agad. Pinihit ko pabukas ang seradura.

“Jules?”

Nakaupo siya sa gilid ng kama at nakayupyop ang mukha sa mga palad. Malungkot ang anyo ng nakalaylay na mga balikat niya. Naroon sa tabi niya ang isang tabloid.

Napapagod siya, pasiya ko. Baka wala siya sa mood na makipag-usap. Saglit na nag-alala ‘ko na baka wala ako sa timing.

Inabot ko ang tabloid. Binuksan. Hindi ito diyaryong Maynila, a. Local paper ‘yon ng isang malayong komunidad..

Headline: NPA, NAPATAY SA ENGKUWENTRO

Binalingan ko si Jules. “Napapa’no ka? Masakit ba’ng ulo mo?”

Humikbi siya bilang sagot.

Binitiwan ko nang tuluyan ang tabloid. Hinarap ko na siyang tuluyan. “Jules?”

Nag-angat na siya ng mukha. Makirot at luhaan ang batang mukha ng aking si Jules!

“Bakit?” alalang-alala nang usisa ko. “Ano’ng nangyari sa ‘yo?”

Umiling siya at nagtangkang makailag. Kinagat niya nang mariin ang labi para pigilan ang isa pang hikbi. Pero hindi na makapagsinungaling ang latay ng hapdi sa mata niya. Kumibot ang labi niya, nanginginig, at sa katal na boses, sinabi niya ang totoo.

“P-pinatay nila si Willy, Mom! Patay na si Willy!” sabay sabog ng iyak. Pahagulgol. Nakalulunos. Parang bata.

Niyakap ko si Jules. Hindi ko alam kung sinong sila ang tinutukoy niya, ang naiintindihan ko lang ay patay na si Willy… si Willy na biglang naalala ko kanina lang … na kaibigan niyang matalik at minsa'y mas kapatid pa kung ituring kaysa kay Gani… pinatay!

**3. Linangin mo…**

A. **Pagsusuring Panlinggwistika**

Panuto: Ibigay ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit. Hanapin ang mga ito sa mga nakatala sa ibaba. Isulat ang titik lamang.

1. Ginawa niya iyon, panindigan niya.
2. Nakalubog ako sa kaabalahang napasukan ko nang Disyembreng iyon.
3. Paskong hindi ko maantala ang pagdating.
4. Tinakbo ko iyon, sinambilat para pawalan.
5. Nakaramdam ako ng paglalatang ng loob.
6. Pawang may laman na titulo pa lang ay halata mo nang tumutuligsa sa batas-militar.
7. Kailangang matiyak ko muna na subersibo ang mga babasahing ito.
8. Nakaupo siya sa gilid ng kama at nakayupyop ang mukha sa mga palad.
9. Hindi na makapagsinungaling ang latay ng hapdi sa mga mata niya.
10. Kumibot ang labi niya, at sa katal na boses sinabi niya ang totoo.

a. pag-iinit ng damdamin
b. mapaghimagsik
c. pumupuna
d. panagutan ang ginawa
e. biglang pagkuha
f. abalang-abala
g. maatraso
h. nakatago
i. garalgal
j. namumugto

**B. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Punan ang mga patlang na maglalarawan kay AMANDA.

Pangalan: ____________________________________________________

Edad: ____________________________________________________

Pinag-aralan :____________________________________________________

Kalagayan sa Buhay: ____________________________________________

Hanapbuhay: ____________________________________________________

Paniniwala : ______________________________________________

Katangian :_________________________________________

Panuto: Punan ang mga kahon na maglalarawan sa katangian ng iba pang tauhan sa akda.

| BINGO | JULIAN | JULES |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Basahin at pag-aralan mo ang nasa loob ng kahon bago mo isagawa ang gawain sa bahaging ito. Makatutulong ito nang malaki sa iyong pang-unawa.

> Ang nobela’y isang akdang pampanitikan na tumatalakay sa mga masasalimuot na pangyayari sa buhay ng isa o higit pang mga tauhan. Ito’y sumasaklaw nang higit sa mahabang panahon.
>
> Maraming yugto o kabanata ang isang nobela. Dahil dito, ang bawat isa’y nagtatapos sa isang nakapananabik na wakas, na kadalasan ay iniiwan sa mga mambabasa.
>
> Ang paghula sa magiging wakas ay isang gawaing makapaglalarawan sa isang bumabasa na siya’y malikhain at may angking talino sa pagbibigay-wakas sa isang di-nakalantad na pangyayari sa isang akdang pampanitikan.
>
> Sa ikalimang kabanata ng nobelang “Dekada ‘70” ay di tapos ang wakas. Bagama’t ang susunod na pangyayari ay makikita sa ikaanim na kabanata.

Ano kaya ang gagawin ni Jules ngayong natuklasan niyang patay na ang kanyang kaibigang si Willy? Alin kaya sa mga sumusunod ang iyong hula?

a. Nagalit si Jules at pinaghanap ang mga taong pumatay sa kaibigan upang paghigantihan.

b. Nagtago si Jules sa bundok sapagkat naisip niyang siya naman ang susunod na mamatay.

c. Isinuko ni Amanda ang anak sa maykapangyarihan.

- Tingnan mo sa susi sa pagwawasto kung tama ang iyong hula.

> Alam mo ba kung ano ang teoryang Realismo?
> Ito ay isang kilusang pampanitikan noong ika-19 na siglo na nagtangkang ipakita ang karanasan at lipunan na parang sa tunay na buhay. Nais nitong ilarawan sa isang akda ang ugali at gawi ng tao at ng kanyang kapaligiran nang eksakto – kapareho ng kanilang pagkilos at anyo sa tunay na buhay. Naniniwala ang mga realistang manunulat na hindi dapat pigilan ang katotohanan, na dapat nilang ilahad ang kanilang mga obser basyon nang walang kinikilingan at sa objective na paraan. Dahil gusto nilang ipakita ang nangyayari sa totoong buhay, binibigyan nila ng pansin hindi ang banghay kungdi ang tauhan.

-

1. Anong mga pangyayari sa akda ang tunay na naganap noong dekada ’70? Piliin ang titik ng tamang pangyayari.

   a. Maagang pag-aasawa ng mga kabataang babae at lalaki.
   b. Ang pagtulong ng Amerika sa industriyalisasyon ng bansa at pagpapagawa ng kalye at tulay, eskuwelahan at mga gusali.
   c. Ang paglagda ng Pangulong Marcos ng agreement sa relasyon ng Amerika at Pilipinas.
   d. Ang pagtaas ng presyo ng langis
   e. Malimit na engkuwentro ng Militar at NPA
   f. Pagkakaroon ng “Curfew” sa mga may edad na 18

2. Inilalahad ba sa akda nang eksakto ang kilos, gawi, pag-iisip at salita ng mga tao nang tulad sa totoong buhay? Patunayan.

**d. Halagang Pangkatauhan**

1. Isa-isahin ang bahaging ginagampanan ng ina sa tahanan at sa pagpapalaki sa kanyang anak.

2. Bilang anak, paano mo maipakikita sa iyong ina ang pagpapahalaga sa kanya? Isa-isahin ito.

- Naisagawa mo ba ang lahat ng mga pagsasanay? Nahirapan ka ba sa pagsagot. Iwasto mo ang iyong mga sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong tugon ay malapit sa tamang sagot, ito’y katanggap-tanggap.

4. **Palalimin mo**…

Dugtungan mo ang sumusunod na mga pahayag. Matapos kong mabasa ang nobelang "Dekada '70" at makilala si Amanda…

Nalaman ko na ang isang ina ay ________________________

Naramdaman ko na ang isang ina ay _____________________

Masasabi ko na ang isang ina __________________________

- Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong sagot ay malapit sa nasa susi ay maaari na ito.

5. **Gamitin mo**…

Lagyan mo ng tsek (√) ang mga pahayag na sa tingin mo ay positibo at ekis (**X**) kung negatibo.

_____ 1. Dapat sa parliamentaryo ng lansangan idulog ang mga hinaing sa gobyerno.

_____ 2. Sila ang gumawa ng gulo, sila rin ang dapat umayos nito.

_____ 3. Pinapatay ng colonial mentality ang pag-unlad ng ating sariling industriya.

_____ 4. Kahit gaano kaabala ang magulang, dapat bigyan ng panahon ang mga anak.

_____ 5. Ang ama ang padre de familia, matatag ang loob at may paninindigan.

_____ 6. Anuman ang maging diperensiya sa paglaki ng anak ay ipinalalagay na diperensiya ito ng pagpapalaki sa kanila.

_____ 7. Ang pinakamabuti lang ang gusto ng ina para sa kanyang mga anak.

_____ 8. Ang gusto ng ama ang dapat laging nasusunod sa anumang desisyong pampamilya.

_____ 9. Di dapat makisangkot ang mga kabataan sa pampulitika at panlipunang suliranin ng bansa.

_____10. Maraming ina ang nakatali ang buhay sa pag-iintindi sa buhay ng kanilang mga anak.

-Tingnan ko nga kung nasagot mo nang tama ang pagsasanay. Itsek mo sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

6. **Sulatin mo…**

Panuto: Ayusin mo ang pagkakasunud-sunod ng bilang ng mga pangungusap. Pagkatapos ay gawin mo itong talata.

Ang Aking Ina

.Ang lahat ng kaginhawahan ay gusto niyang maibigay sa amin.

Maaga pa ay gising na siya upang ihanda ang aming kakailanganin sa pagpasok.

Ilaw ng aming tahanan ang aking ina.

Kaya naman wala na siyang oras para sa kanyang sarili.

Pagkaalis namin ay pamamalengke, paglilinis ng bahay at pag-aalaga sa nakababata kong kapatid ang kanya namang aasikasuhin.

- Iwasto mo ang iyong isinulat sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

7. **Lagumin mo**…

Lagumin mo ang mga kaisipang nakapaloob sa akda.

Panuto: Piliin mo sa mga nakatala sa ibaba ang kaisipang nakapaloob sa akda. Isulat ang titik lamang.

A. Ang ina ang ilaw ng tahanan.
B. Hangad ng ina ang lahat ng kabutihan para sa mga anak.
C. Ina ang unang nasasaktan kapag may dinaramdam ang anak.
D. Ang kabataan ay mulat sa mga isyung panlipunan at pampulitika.
E. Nasa Diyos ang awa , nasa tao ang gawa.
F. Kung may tiyaga, may nilaga.
G. Ang kahirapan ay di hadlang sa pagtatagumpay
H. Maging gising sa mga nagaganap sa ating gobyerno.
Huwag matakot ipaabot ito sa mga kinauukulan sa maayos na paraan.
I. Ang lahat ng hinaing ay ipaabot sa gobyerno sa pamamagitan ng rally.

- Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

8. **Subukin mo**…

Subukin natin kung hanggang saan sa kabuuan ang iyong natutunan sa araling ito.
Panuto: Piliin at isulat ang titik ng wastong sagot.

1. <u>Nakalubog</u> sa dami ng gawain sa bahay ang ina.

   a. abalang-abala
   b. maraming utang
   c. nakabaon
   d. di lumulutang

2. Ang "Ang Bayan" ay isang <u>subersibong</u> babasahin.

   a. mapang-api
   b. mapaghimagsik
   c. mapanghimasok
   d. mapang-abuso

3. Nang makita niya ang babasahin ay nakadama siya ng <u>paglalatang</u> ng loob.

   a. Panghihina
   b. Pag-iinit
   c. Panlalamig
   d. Pagkainis

4. Ano ang tunay na pagkatao ni Jules?

   a. makabayan
   b. mapagkaibigan
   c. matalino
   d. mahina

5. Anong uri ng ina si Amanda?

   a. makatarungan
   b. maunawain
   c. mapag-aruga
   d. lahat ng nabanggit

6. Paano ipinagtanggol ni Julian ang anak nang isumbong sa kanya ni Amanda ang natuklasan?

    a. Na estudyante yong bata at gustong matuto kaya nagbabasa ng ganoong babasahin.
    b. Ipinagkibit-balikat lang niya ang sumbong ng asawa.
    c. Na kakausapin niya ang anak at sasabihing huwag magbasa ng ganoong babasahin.
    d. Na walang masama sa pagbabasa.

7. Ano sa palagay mo ang naging wakas ng nobela?

    a. Kinalimutan na ni Jules ang isyung pampulitika at namuhay nang tahimik.
    b. Nakatapos si Jules ng pag-aaral at naging pulitiko.
    c. Nakapag-asawa at nagkaanak si Jules at namuhay nang tahimik at maligaya.
    d. Nakulong at nang makalaya ay namundok na si Jules.

8. Ano ang mga katotohanang ipinaunawa sa akdang Dekada '70? Pumili ng 2.

    a. Na ang mga kabataan ay mulat sa mga suliraning pampulitika sa bansa.
    b. Na kapag ang anak ay nalilihis ng landas ay ina ang unang nag-aalala.
    c. Talamak ang katiwalian sa gobyerno noon
    d. Lahat ng nabanggit

9. Bilang anak, paano mo maipakikita ang pagpapahalaga mo sa magulang?

    a. magiging masunuring anak sapagkat wala namang hinangad ito na masama.
    b. Hindi bibigyan ng ikasasama ng loob ito.
    c. Laging nasa tabi nito lalo na sa panahon ng pangangailangan.
    d. Lahat ng nabanggit

10. Kung ikaw si Amanda, paano mo kakausapin si Jules tungkol sa mga gawain niyang laban sa pamahalaan.

    a. Isasama ang asawa sa pakikipag-usap sa anak.
    b. Kakausapin nang maayos at ipaliliwanag ang maaaring ibunga ng paglaban sa pamahalaan.
    c. Ipaliliwanag sa anak na maraming tahimik na paraan ng paghahatid ng hinaing sa gobyerno at di sa lansangan.
    d. Lahat ng nabanggit.

- Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong iskor ay 7 pataas, sagutin mo na ang panghuling pagsubok. Kung 6 pababa

isagawa mo pa ang susunod na gawain.

9. **Paunlarin mo**…

Panuto: Ayusin mo ang mga ginulong salita na nasa loob ng kahon upang mabuo ang kaisipan.

1.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Walang | | | sa |
| pagmamahal | | ng | isang |
| makapapantay | ina | | |

2.

| | | | |
|---|---|---|---|
| may | na | Kapag | sa |
| ipaglaban | | katwiran | |
| mo | paraan | maayos | |

3.

| | | | |
|---|---|---|---|
| mulat | suliraning | panlipunan | |
| pampulitika | | kabataan | sa mga |
| sa bansa | Ang | ay | |

- Iwasto mo ang iyong ginawa sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ito'y malapit sa tamang sagot ay katanggap-tanggap na ito.

## *Gaano Ka Na Kahusay?*

Matapos ang maraming gawain at pagsasanay na ibinigay ko sa iyo, sagutin mo na ang panghuling pagsusulit upang malaman ko kung gaano ang natutunan mo sa modyul na ito.

O, handa ka na ba?
Simulan mo na.

Panuto: Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ang tao'y <u>iniwangis</u> sa Maykapal Ang maysalungguhit ay nangangahulugang___

   a. inihawig  c. iniiwas
   b. inihambing  d. inilapit

2. Lumipas ang maraming taon at nagkapilak na ang aking buhok. Ang pahayag ay nangangahulugang

a. nagkakulay ang buhok    c. tumanda
b. kumapal    d. sumigla

3. Tinanong ko siya ngunit nagkibit lamang siya ng balikat. Ito ay nangangahulugang

a. siya nainis    c.nagsawalang bahala
b. siya ay umiwas    d.nagparamdam lamang

4. Ang walang katapusang ligaya ay matatagpuan sa ____

a. lahat ng dako    c. Paraiso
b. kalawakan    d. langit

5. Ang saranggolang pinaglalaruan ni Bingo ay yari sa papel ng ____

a. Southeast Asia Chronicle    c. Ang Bayan
b. Newsweek    d. Inquirer

6. Ganoon na lamang ang pag-aalala ni Amanda nang di pa umuuwi ang____

a. asawang si Julian
b. anak na si Bingo
c. anak na si Jules
d. anak na si Gani

7. Ang akdang Saan Patungo ang Langaylangayan ay isang ____

a. nobelang panlipunan
b. maikling kuwento ng tauhan
c. dulang iisahing yugto
d. sanaysay na formal

8. Ipinakita sa akdang Dekada'70 na ang mga _____ ay mulat na sa mga suliraning pampulitika at panlipunan.

a. ina    c. kabataan
b. ama    d. bata

9. Ayon sa akda, ang kalayaan ay ang_____

a. pagkakaroon ng katiwasayan at kasiyahang-loob
b. pagkaahon sa kasalanan at kamunduhan
c. pagbabalik-loob sa Diyos
d. lahat ng nabanggit

10. Pinatunayan sa akda na si Amanda ay____

   a. makatarungang ina
   b. mapagmahal na ina
   c. maunawaing ina
   d. lahat ng nabanggit

- Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Sana'y naging makabuluhan ang pag-aaral mo sa modyul na ito.

Paalam, hanggang sa muli.

**MODYUL 9**
**SUSI SA PAGWAWASTO**

ARALIN 1: SAAN PATUNGO ANG LANGAYLANGAYAN?

III. ANO NA BA ANG ALAM MO?

1. a
2. b
3. c
4. d
5. b
6. d
7. b
8. d
9. d
10. c

3. Linangin mo…
   a. Pagsusuring Panlinggwistika

1. KALAYAAN
   - PUMILI NG PINUNONG BAYAN
   - PAGSASALITA/PAGPAPAHAYAG
   - MABUHAY NANG MATIWASAY
   - PUMILI NG RELIHIYONG AANIBAN
   - PUMUNTA SAAN MANG LUGAR.
   - MANIRAHAN SAAN MANG LUGAR
   - KUMAIN KAPAG NAGUGUTOM

2.
   1. f
   2. d
   3. b
   4. e
   5. a
   6. c

b. Pagsusuring Pangnilalaman

1. D
2. C
3. B
4. A
5. E
6. C

c. Pagsusuring Pampanitikan

1.

1. D
2. F
3. A
4. C
5. B

2.

1. Oo, inilalarawan sa akda ang nagsasalita bilang isang rasyonal na may kapasidad para sa katotohanan at kabutihan sapagkat batid niya na siya'y nakalimot at nagkasala.Na mali ang kanyang ginawa kaya di na siya makaramdam ng kaligayahan at katiwasayan ng loob.

2. Iniasa ng nagsasalita ang kanyang paglaya sa pagkaalipin sa sarili. Patunay ay ang patuloy niyang paghanap sa kalayaang inaasam. Kung saan-saan siya nagpunta upang hanapin ang kasagutan sa kanyang suliranin.

3. Oo, inilarawan ng akda ang tao bilang may malayang pagpapasiya sapagkat ang tao mismo ang nakatuklas o nakaalam kung paano siya makaaahon sa kaalipinang dinaranas. Kung paano siya makalalaya.

4. Palalimin mo…

Ipagtatapat ko sa aking kasintahan ang nangyari at hihingi ako ng kapatawaran . Kung ako'y papatawarin niya , magpapasalamat ako
At mangangakong magiging tapat at di na uulitin ang nangyari.
Kung hindi naman ay tatanggapin ko nang maluwag sa puso ang kanyang desisyon. Magbabago na ako at magiging maingat sa sarili. Magsisilbing aral sa akin ang pangyayari.

5. Gamitin mo…

1. D K
2. K
3. DK
4. DK
5. K
6. K
7. K
8. K
9. DK
10. K

6. Sulatin mo…

1. tao
2. alabok
3. buhay
4. Eden
5. halaman
6. pangalagaan
7. bungangkahoy
8. punongkahoy
9. mabuti
10. mamamatay
11. ibon
12. tadyang
13. babae
14. laman
15. buto

7. Lagumin mo…

PANGUNAHING KAISIPAN; Ang tao mismo ang magpapalaya sa Kanyang sarili sa kaalipinan.

Pantulong na Kaisipan; Maging matatag sa mga tukso.
Magtiyaga upang makamit ang mithiin at marating ang paroroonan.
Kung may tiyaga may nilaga.
Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa.

8. Subukin mo…

1. b
2. a
3. d
4. b
5. a
6. c
7. a
8. a
9. b
10. a

9. Paunlarin mo…

MAY TAONG nakalimot at nagkasala

NAGNANASA siyang makalaya sa pagkakaalipin dulot ng pagkakasala.

NGUNIT di niya makamit ang kalayaang inaasam,

KAYA patuloy pa rin niya itong hinanap hanggang sa malaman kung paano niya ito makakamit.

**ARALIN 2: DEKADA' 70**

3. Linangin mo…

a. Pagsusuring Panlinggwistika

1. d
2. f
3. g
4. e
5. a
6. c
7. b
8. h
9. j
10. i

b. Pagsusuring Pangnilalaman

Pangalan : AMANDA BARTOLOME
Edad : 45
Pinag-aralan : Nagtapos sa kolehiyo
Kalagayan sa buhay : Panggitnang-uri
Hanapbuhay : Karaniwang maybahay
Paniniwala : Hindi subersibo ang pagsasabi ng katotohanan
Katangian : Mapagmahal, Maalalahanin, Maunawain, Makatarungan, di agad humuhusga, tumitingin muna at nag-iimbistiga bago humusga. Bukas ang isipan sa mga nangyayari sa bansa.

| BINGO | JULIAN | JULES |
|---|---|---|
| Walang malasakit sa gamit | Matalino | Makabayan |
| Walang pakialam sa mga nangyayari sa paligid niya. | Di matatanggap na talo siya ng anak kung ang pag-uusapan ay isyung pampulitika. | Mulat ang isip sa kalagayan ng bansa. |
| Matigas ang ulo | Ang lahat inaasa sa asawa | Tunay na kaibigan |

d. Pagsusuring Pampanitikan

a. b
b. 1. b, c, d, e, f

2. Oo,

Si Amanda ay larawan ng isang karaniwang babae. Ang kanyang kilos, gawi,pag-iisip at pagsasalita ay karaniwan o tulad ng sa mga totoong ina noon at ngayon. Gayon din si Julian. Maraming ama noon at ngayon na iniaasa lahat sa ina , gawaing bahay, pangangalaga sa anak, at maging ang pangangaral sa mga ito. Marami pa ring Jules sa ngayon. Mulat ang isipan sa mga isyung pampulitika at panlipunan. Nasasaktan kapag may nangyayari sa mahal sa buhay at kaibigan.

e. Halagang Pangkatauhan

1. Ang ina ay ilaw ng tahanan
   Gumagawa ng mga gawaing-bahay
   Nag-aalaga sa mga anak
   Tumitingin sa mga pangangailangan ng mga ito.
   Nangangaral.
   Nagbibigay ng payo kapag may suliranin ang mga ito.
   Gabay ng mga anak sa kanilang pag-aaral.

2. Magiging masunuring anak
   Mag-aaral nang mabuti
   Di bibigyan ng suliranin ang magulang
   Tutulong sa mga gawaing bahay
   Paglilingkuran ang magulang hanggang pagtanda nito

4. Palalimim mo…

Nalaman ko na ang isang ina ay siyang ilaw ng tahanan.

Naramdaman ko na ang isang ina ay sobrang maalalahanin sa kanyang mga anak. Na siya ang unang nagdaramdam kapag nasasaktan ito.

Masasabi ko na ang isang ina ang gagawa ng lahat para sa kabutihan ng anak.

5. Gamitin mo…

1. X
2. √
3. √
4. √
5. √
6. √
7. √
8. X
9. X
10. √

6. Sulatin mo…

Ilaw ng tahanan ang aking ina. Ang lahat ng kaginhawahan ay gusto niyang ibigay sa amin. Maaga pa ay gising na siya upang ihanda ang aming kakailanganin sa pagpasok. Pagkaalis namin ay pamamalengke, paglilinis ng bahay at pag-aalaga sa nakababata kong kapatid ang kanyang aasikasuhin. Kaya naman wala na siyang oras sa kanyang sarili

7. Lagumin mo….

A, B, C, D.

8.Subukin mo…

1. a
2. b
3. c
4. a
5. d
6. a
7. d
8. a,b
9. d
10. d

9. Paunlarin mo…

1. Walang makapapantay sa pagmamahal ng isang ina.
2. Kapag may katwiran, ipaglaban sa maayos na paraan.
3. Ang kabataan ay mulat sa mga suliraning pampulitika at panlipunan.

10. GAANO KA NA KAHUSAY?

1. a
2. c
3. c
4. c
5. d
6. c
7. d
8. c
9. d
10. c.